

Ano ang Karahasan sa Tahanan (o Domestic Violence)?

Ang Karahasan sa Tahanan ay katawagang ginagamit upang ilarawan ang anumang kapangahasang abuso na dinaranas ng isang tao na ginagawa ng kanyang asawa, sekswal na kapareha, kapamilya o impormal na tagapangalaga.

Kasama sa Karahasan sa Tahanan ang isa o higit pa sa sumusunod na uri ng asal:

- ◆ Maaaring kasama sa **pisikal na pang-aabuso** ang pagtutulak; pananalya; pananapok; panununtok; pananakal; paninipa; pagtatapon ng mga bagay; mapanganib na pagmamaneho upang takutin ka; pagsasagawa ng mga pagbabanta na pisikal na sasaktan ka, ang iyong mga anak o ang iyong mga paboritong hayop. Maaari ring kasama sa pisikal na pang-aabuso ang gawain na nagsasapanganib sa iyong pisikal na kalusugan, halimbawa, hindi pagpapahintulot na ikaw o ang iyong mga anak ay magkaroon ng atensiyong medikal o paghihigpit sa panustos ng sapat na pagkain at/o tubig.
- ◆ Maaaring kasama sa **pasalitang pang-aabuso** ang pagtutungyaw o paggamit ng masakit na pananalita; palagiang pamimintas at pangungutya; at paggawa ng mapanuya o mapanirang mga komentaryo. Maaari ring kasama sa pasalitang pang-aabuso ang pagkakalat ng mga tismis o maling impormasyon tungkol sa iyo sa iyong mga kaibigan, pamilya o mga kasamahan sa trabaho.
- ◆ Ang **emosyonal na pang-aabuso** ay anumang asal na ginagamit upang makalikha ng mga pakiramdam ng pagkabalisa, takot, pagkabahala, pagkalito, at/o kawalan ng kakayahan. Kasama sa mga halimbawa ang: palagiang pamimintas o pagmamaliit sa iyong mga kilos at mga kakayahan; pagsasagawa ng mga pagbabanta na ipapadeport ka mula sa Australya, na iiwanan ka o pipigilan ka na makita ang iyong mga anak.
- ◆ Ang **sekswal na pang-aabuso** ay anumang anyo ng sekswal na kontak o asal na pinipuwera o hindi kagustuhan. Maaaring kasama nito ang: panghihipo, panghahalik, pakikipagtalik sa pamamagitan ng bibig, pakikipagtalik sa pamamagitan ng ari ng babae o sa butas ng puwit, panonood ng pornograpiya, o iba pang mga sekswal na gawain na hindi kagustuhan. Ang sekswal na pang-aabuso ay maaaring mangyari sa loob ng pagsasamang mag-asawa – ibig sabihin nito ay pakikipagtalik na wala ang iyong kusang pagsang-ayon. Ang pagsang-ayon ay tatanawing hindi ibinigay nang kusa o boluntaryo kung ikaw ay pinuwera, binantaan, tinakot o pinilit na makipagtalik sa iyong kapareha; o kung takot ka na masasaktan kung hindi ka makikipagtalik sa iyong kapareha.
- ◆ Maaaring kasama sa **pinansiyal na pang-aabuso** ang hindi pagpapahintulot na iyong magamit ang perang iyong kinita o perang may karapatan ka (mga benepisyo ng Centrelink); hindi pagbibigay ng sapat na kita para sa iyo at/o sa mga personal na pangangailangan ng iyong mga anak; palagiang pagmamasid at pagmamatyag ng lahat ng iyong binili o mga pagbabanta na aalisin ang pinansiyal na suporta.
- ◆ Maaaring kasama sa mga **panlipunang pang-aabuso** ang mga tangkang itakda o limitahan ang iyong pakikipag-ugnayan sa iyong pamilya o mga kaibigan; palagiang pagmamasid at pagmamatyag sa iyong mga tawag sa telepono; pagsubaybay nang palihim (o stalking).
- ◆ Kasama sa **kultural at espirituwal na pang-aabuso** ang mga asal na nagpapakita ng kakulangan sa pagsasaalang-alang at respeto sa iyong mga kultural at/o espirituwal na paniniwala, pinapahalagahan at gawi. Kasama sa mga halimbawa ang: palagiang pamimintas o pagmamaliit ng iyong mga kultural at/o espirituwal na paniniwala, pinapahalagahan at gawi; pagbabawal sa mga pag-uusap gamit ang iyong una at gustong wika; paghihigpit sa iyo upang magsuot ng mga damit na naaangkop sa iyong kultura; o hindi pagpapahintulot sa iyo na dumalo sa mga pagdiriwang na pangkultura at pangrelihiyon.
- ◆ Kasama sa **pagkasira ng ari-arian** ang pagkasira ng bahay, muwebles ng bahay o anupaman na iyong pag-aari o ginagamit. Kasama sa mga halimbawa ang: pagbabasag ng plato, pagsusuntok ng butas sa dingding, o paggasgas ng iyong kotse.

Mahalagang tandaan na:

- Walang sinuman ang karapat-dapat na abusuhin.
- Ang taong umaabuso ang may pananagutan sa sarili nilang asal.
- Ang lahat ay may karapatang maramdaman na sila ay ligtas.

IWSW would like to acknowledge the Department of Communities for providing funding for this resource and acknowledge the following organisations for their kind permission to adapt existing resources. IWSW would also like to acknowledge the graphic design created by John Garnsworthy and image by Rachel Apelt.

Funded by



Domestic Violence Prevention Centre
Gold Coast Inc

